# Tekniko sa Konstruksiyon ng Kalsada

Isang uri ng trabaho na may kinalaman sa paggawa ng bagong kalsada, pag-aayos at pagpapanatili ng mga kalsada at pagkukumpuni ng nasirang kalsada pagkatapos ng kalamidad.



Panayam kay Ginoong Hitoshi Okawara, Tagapamahala ng Promosyon ng Teknikal na Kaalaman, Shizuoka-ken Dōro Hosō Kyōkai

Interview



## Gawain ng tekniko sa konstruksiyon ng kalsada

### Benepisyo ng trabaho

Ito ay isang mahalagang trabaho na nagpapasaya sa mga mamamayan dahil ginagampanan ng tekniko ang paggawa ng bagong kalsada, pagpapanatili at pagkukumpuni ng mga daan na mahalaga sa ating pamumuhay.
May pagkakataon din na maiangat ang sariling kakayahan.
Kung mahilig sa sasakyan, may pagkakataon na patakbuhin ang mga malalaking makinarya na ginagamit sa konstruksiyon.

### Mga taong angkop sa trabahong ito

Mga taong mahilig gamitin ang pisikal na lakas sa trabaho dahil ito ay trabahong panlabas.
Mga nais magpatakbo ng mga malalaking makinarya at mahilig sa sasakyan.

### Para maging isang tekniko sa konstruksiyon ng kalsada

Hindi mahalaga ang pinag-aralan at karanasan.
Pumasok sa kumpanya ng konstruksiyon na gumagawa ng kalsada.
Kumuha ng asignatura sa high school na may kursong civil engineering para magkaroon ng sertipikasyon ng "Class 2 na Katulong na Tekniko sa mga Proyektong Civil Works".



Pag-aaspalto ng daan gamit ang malaking makinarya



Mahalaga ang teknikal na kaalaman sa ma-detalyeng gawain

### Ano ang pinakamahalagang pagtuunan ng pansin?

Mahalagang isaisip ang kaligtasan sa lugar ng konstruksiyon. Mahalaga ang konsentrasyon sa trabahong ito.
Ginagawa ang trabaho na isinaalang-alang ang mga kasamahan sa proyekto.

### Maaari bang gawin ang trabaho kahit walang sertipikasyon?

Hindi kailangan agad ang sertipikasyon. Maaaring mag-ipon ng karanasan habang nagtatrabaho. Upang umangat bilang tagapamahala sa lugar ng konstruksiyon mula sa pagiging katulong na tekniko, kinakailangang kumuha ng pambansang lisensya na "Class 1 o 2 na Tagapamahalang Inhinyero sa Proyektong Civil Works".
Kailangan ang lisensya sa pagmamaneho para makapagpatakbo ng malaking makinarya.

### Ano ang maaari kong gawin sa ngayon?

Pagmasdan nang mabuti ang ginagawa ng mga nagtatrabaho sa konstruksiyon ng kalsada. Kung gusto mo magpatakbo ng malaking makinarya, kumuha muna ng lisensya sa pagmamaneho ng ordinaryong sasakyan.

**Message**

Makakaramdam ng tagumpay kapag gumawa ng bagong kalsada at isinama it sa mapa ng lugar. Maraming makabagong makinarya ang ginagamit sa konstruksiyon. Dumarami rin ang mga kababaihan na namamahala sa lugar ng konstruksiyon kaya masasabi na samu't saring uri ng tao ang aktibo sa trabahong ito. Ginagawa ang proyekto bilang isang pangkat, kaya mahalaga ang komunikasyon sa ka-trabaho. Kung may kakayahanan sa Nihongo, hindi mahalaga ang nasyonalidad. Kailangan ang mga taong may dedikasyon at tiyaga dahil mahalaga ang oras sa lugar ng konstruksyon.

Kapag interesado sa trabahong ito

Telepono

Shizuoka-ken Dōro Hosō Kyōkai

Tel 054-255-0238